


Valley Transportation Authority

# TALAAN NG IMPORMASYON: Mga Highway

## Proyektong mga Tawiran ng mga Hayop sa Kalsada ng US 101/Monterey

### Pangkalahatang-ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan ng Peninsula Open Space Trust (POST), California Department of Transportation (Caltrans), at ng Lungsod ng San Jose, ay nagmungkahi na maglagay at magpasulong ng mga istruktura para sa tawiran ng hayop at mga kaugnay na pagpapabuti sa Coyote Valley sa Santa Clara County sa US 101 at Monterey Road.




### Mga Layunin

Ang Coyote Valley ay isang mahalagang 7,400-ektaryang bahagi para sa tirahan ng hayop, nagkokonekta sa Diablo Range at mga Kabundukan ng Santa Cruz. Ang layunin ng proyektong ito ay:

- Pag-ugnayin ang mga tirahan ng hayop at protektahan ang mga pampublikong lupain sa magkabilang panig ng US 101 at Monterey Road.
- Magpapahintulot na mapuntahan ng hayop ang mga kinakailangang mapagkukunan na sumusuporta sa kalusugan ng mga hayop, tulad ng pagkain, tirahan at makahanap ng makakapareha, at makakilos bilang pagtugon sa nagbabagong kalagayan ng klima.
- Pasulungin ang kaligtasan ng mga motorista at hayop sa pamamagitan ng pagbabawas ng posibleng banggaan.

### Mga Tampok ng Proyekto

Kasama sa mga iminungkahing pagpapasulong, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- Isang bagong istrukturang pang-ilalim na tawiran para sa hayop na may mga kasamang pagpapailaw at pangharang sa ingay sa Fisher Creek.
- Mga kasunod na yugto para sa bagong istrukturang tawiran ng hayop sa Tulare Swale at Tulare Meadows.
- Isang bago o binagong pang-ilalim na tawiran ng hayop sa US 101.
- Bakod na maghihiwalay sa hayop, mga rutang matatakasan ng hayop, mga pasukan, mga nagsasangang daan, at harang sa gitna ng kalsada na nakakabuti sa hayop sa kahabaan ng US 101 at Monterey Road

### Iskedyul ng Proyekto (nakabinbin na pondo)

| | |
|---|---|
| Alternatibong Pag-analisa at Panimulang Engineering | 2025 - 2027 |
| Aprubal na Pangkapaligiran | 2026 - 2027 |
| Pagkumpleto ng Disenyo* | 2026 - 2028 |
| Kontrukson ng Proyekto* | 2028 - 2030 |

**Tutukuyin pa ang kabuuang pondo.*

### Kabuuang Gastos/Pagpopondo ng Proyekto

Tinatayang nasa pagitan ng $80 at $90 milyon ang gagastusin sa proyekto, magbabago pa depende sa panghuling pagpapasya sa mga pagpapasulong. Iminungkahing popondohan ang proyekto sa pamamagitan ng pinagsamang pinagmumulan ng pondo, kabilang na ang POST, Lungsod ng San Jose, Caltrains, mga kaloob ng pederal at estado, mga pribadong ambag, at iba pang pondo na malalaman pa sa hinaharap.

### Mga Katuwang sa Proyekto

Caltrans · POST · City of San Jose, Capital of Silicon Valley

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**VTA's Community Outreach**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
*community.outreach@vta.org*

Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/101MontereyWildlife*.